REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-05**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGSASAAD NG PAGTATAAS NG PASAHE NG TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*********************************************************************************

Ipinanukala ni: **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**

*********************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang biglaang pagtaas ng petrolyo ang nag-udyok sa ibat-ibang samahan ng Traysikel Operators and Drivers Association **(TODA)** sa Lungsod ng Muntinlupa upang hilingin ang pag-taas ng pasahe sa traysikel. partikular na ang Federation of Muntinlupa Tricycle Operators and Drivers Association. Inc.;

**SAPAGKAT,** dahil tunay na kinakailangan ang kapasiyahan ng mga nakakaraming pasahero sa pagtaas ng pasahe. ang **Muntinlupa Franchising Regulatory Board** ay nagsagawa ng isang pampublikong pagdinig noong **8 Marso 1997,** ganap na **ika-9:00 ng umaga** sa Bulwagan ng People's Center. Lungsod ng Muntinlupa na dinaluhan ng Lupon ng Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board **(MTFRB),** kinatawan ng mga **Barangay,** kinatawan ng Traffic Environment and Discipline **(TED),** pamunuan ng **Federation of Muntinlupa Tricycle Operators and Drivers Association, Inc.,** kinatawan ng ibat-ibang **Homeowners Association,** at kinatawan ng ibat-ibang **TODA;**

**SAPAGKAT,** sa nasabing pagdinig ay napagkaisahan na ang pagtataas ng pasahe sa traysikel ay hindi hihigit sa halagang **Limampung Sentimo (P0.50)** para sa unang kilometro pagkatapos ng regular o natatanging pasada **(special trip)** ;

**SAPAGKAT,** ang makatwirang pagtataas ng pasahe sa traysikel ay lubhang kinakailangan upang magpatuloy ang pag-unlad ng operasyon ng traysikel hindi lamang bilang isa sa pinagmumulan ng kabuhayan ng halos **Limang Libo (5,000)** may-ari at drayber ng traysikel. gayundin bilang isa sa mga pinakamahalagang pamamaraan ng sistemang pangtransportasyon na naglilingkod sa ibat-ibang lugar sa Lungsod ng Muntinlupa;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na:

**Seksiyon 1.** Ang pasahe ng traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa ay dapat naaayon sa mga sumusunod :

**a. REGULAR NA PASAHE** - Dalawang Piso at Limampung Sentimo **(P2.50)** para sa unang kilometro at karagdagang Limampung Sentimo **(P0.50)** bawat kilometrong labis.

**b. SPECIAL TRIPS** - Kabuuang pasahe para sa pinakamaraming lulan ng traysikel. (Seksiyon **15.3** ng Kautusang Panglungsod Bilang **96-66**)

**Seksiyon 2.** Lahat ng mga kautusan. kapasiyahan. alituntunin at patakaran o bahagi nito na taliwas sa probisyon ng kautusang ito ay pinapa-walang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**Seksiyon 3.** Sinumang tao na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay pagmumultahin ng halagang Limang Libong Piso (P5,000.00) o pagkakakulong ng anim (6) na buwan o pareho. alinsunod sa hatol ng hukuman.

**Seksiyon 4.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos na ito ay pagpasiyahan.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa **ngayong 7 Abril 1997, sa ginanap na ika-77 Regular na Sesyon** sa Silid Pulungan ng Sangguniang Panglungsod.

SUMANG-AYON:

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

Di-Lumahok
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY E. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:________________